



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0020
Title	<u>Accreditation of Collecting Agents for the Collection of PhilHealth Premium Contributions (Revision 1)</u>

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular (PC) No. 2022-0020?	Ito ay upang gabayan ang mga interesadong pampubliko o pribadong institusyon tungkol sa mga polisiya, proseso at kinakailangang dokumento para maging Accredited Collecting Agent (ACA) ng PhilHealth.
2. Ano ang sakop ng polisiyang ito?	Sakop nito ang mga interesadong institusyon katulad ng bangko at mga non-bank collecting agents gaya ng remittance centers, bills payment centers, electronic money issuers (EMIs) at mga electronic payment networks na rehistrado sa Pilipinas, at nasa pamamahala ng Bangko Sentral ng Pilipinas na mayroong kakayahang mangolekta gamit ang electronic payment system.
3. Mayroon bang kaakibat na bayarin ang bagong ACA ng PhilHealth?	Oo. May kaukulang “accreditation fee o administrative charge” na dapat bayaran ang mga bagong institusyon na magpapa-accredit sa PhilHealth. Ang halaga ng fee o charge ay depende sa kategoriya ng institusyon, at ito ay kinakailangang ma-comply bago ang araw ng aktwal na implementasyon ng Collection and Remittance Agreement (CRA).
4. Para sa mga ACAs na magre-renew ng accreditation, kinakailangan pa rin bang magbayad ng accreditation fee or administrative charge?	Ang mga ACAs na magre-renew ng accreditation ay hindi na kailangang magbayad ng accreditation fee o administrative charge. Ito ay para lamang sa mga bagong accredit na institusyon.
5. Maliban sa accreditation fee, mayroon pa bang ibang requirements na may financial implications?	Oo. Ito ay ang bond na kailangang i-comply ng lahat ng ACA ng PhilHealth, maging pampubliko man o pribadong institusyon.
6. Ano ang accreditation period ng ACA?	Ang accreditation period ng ACA ay limang (5) taon.
7. Kailan magiging epektibo ang polisiyang ito?	Ito ay magiging epektibo simula sa araw na mailathala ang Circular sa pangunahing pahayagan.

